

ANG IMPORMASYONG NAKAPALOOB SA LEAFLET NA ITO AY PARA SA TAMANG PAGSUOT NG FACEMASK AT ANGKOP SA KONTEKSTO NG ISANG PAMAYANAN.

Siguraduhing ang piniling proteksyon sa paghinga ay lapat sa iyong mukha!

- Ang dekalidad na facemask ay may flexible metal nose clip, adjustable straps, at foam sa gilid nito na makatutulong sa paglapat sa mukha..
- Kung tama ang lapat ng facemask, dapat selyado ang paligid nito para walang makapasok na anumang hangin sa gilid ng mukha.
- Siguraduhing ang eye glasses o goggle frames ay hindi makakasagabal sa pagkalapat ng facemask sa mukha.
- Maaaring hindi mabisa ang facemask kung may bigote o balbas, sapagkat hindi matatakpan ng facemask nang husto ang mukha.
- Maaaring magpatong ng karagdagang tela sa ibabaw ng facemask upang dagdagan ang bisa nito laban sa abo. Ngunit maaaring hindi ito magiging komportable, huwag itali nang mahigpit upang hindi makasagabal sa paghinga.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano mababawasan ang pagkakalantad sa abo na mula sa bulkan at mga paalala upang maging mabisa ang iba't ibang uri ng proteksyon sa paghinga, bisitahin ang

www.ivhhn.org/ash-protection

PAANO ANG TAMANG PAGSUOT NG FACEMASK

LABAN SA PAGKALANTAD SA ABONG MULA SA BULKAN AT IBANG PANG MALIIT NA BUTIL NITO



PAANO ANG TAMANG PAGSUOT NG FACEMASK



Gamit ang malinis na mga kamay, tanggalin ang facemask sa balot. Huwag hayaang malagyan ng abo ang facemask.



Buksan ang anumang mga tupi at ihanda ang panali para sa tainga at ulo



Ilapat ang facemask sa ilong at bibig. Ayusin ang mga panali. Para sa pantaas na panali, siguraduhing nailagay ito ng wasto sa ibabaw ng tainga at palibot sa ulo.



Siguraduhing nailagay nang wasto ang pambabang panali sa ibaba ng tainga. Higgpitan ang mga panali nang lumapat ng maayos ang facemask sa mukha.



Gamit ang dalawang kamay, marahang higgpitan ang nose clip upang lumapat ang facemask sa ilong at sa tuktok ng pisngi. Huwag pisilin nang mahigpit.



Takpan ang facemask ng dalawang kamay, ingatan na hindi matanggal ang pagkakalapat nito. Huminga ng malalim palabas, siguraduhing walang haging lumalabas sa gilid ng facemask. Kung kinakailangan, ayusin ito upang maging mahigpit at maayos ang lapat.